



NRCP
RESEARCH JOURNAL

Full Paper

Pamamahala at Pagpapala: Pagninilay sa Apat na Dekadang Pamumuno ni Bro. Mike Z. Velarde sa Samahang El Shaddai

Leadership and Blessings: Reflections on the Four Decades of Bro. Mike Z. Velarde's Leadership in the El Shaddai Community

Joven B. Makiling

University of Makati, jovenmakiling00@gmail.com

Nakatuon ang papel-pananaliksik na ito sa pag-inog ng sistemang pamamahala ni Bro. Mariano "Mike" Z. Velarde sa samahang El Shaddai. Ginamit bilang teoretikal na balangkas ang mga tipolohiyang inihahain nina Max Weber at Zeus Salazar ukol sa modelo ng pamumuno. Nakita sa pag-aaral na karismatiko ang uri ng pamamahala ni Bro. Mike, sang-ayon kay Weber at baganing pamumuno naman ayon kay Salazar. Mula rito, nakabuo ng apat na balangkas na makapagpapapaliwanag sa naging sistema ng pamamahala sa El Shaddai sa loob ng apat dekada. Sa huli, napag-alaman sa "succession scenario" na nakasandig sa dalawang prinsipyo ang mga miyembro: legal at espiritwal. Bagaman may omnibus code ang grupo, matimbang pa rin ang pananaig ng espiritwal na kaisipang "Diyos ang nagtatag ng El Shaddai, Diyos din ang hihirang sa susunod na lider nito." Sa kabuoan, ipinapakita ng pag-aaral na sa relihiyosong grupo, ang tunay na kapangyarihan ng isang lider ay nagmumula sa dami at katapatan ng kanyang mga tagasunod, tulad ng ipinamalas sa apat na dekada ng El Shaddai.

Mga Susing Salita; Bagani; Bro. Mike Velarde; El Shaddai; Karisma; Pamumuno;
Succession scenario

This research paper focuses on the leadership system of Bro. Mariano 'Mike' Z. Velarde in the El Shaddai Community. The theoretical framework used was based upon the leadership models proposed by Max Weber and Zeus Salazar. The study found that Bro. Mike's leadership style is charismatic, according to Weber, and bagani-like leadership, according to Salazar. Four frameworks were developed to explain the management system of El Shaddai over the past four decades. In the end, it was discovered in the succession scenario that the members adhered to two principles: legal and spiritual. Although the group has an omnibus code, the spiritual belief that 'God established El Shaddai, and God will also appoint its next leader' still holds more weight. Overall, the study shows that in a religious group, the true power of a leader comes from the number and loyalty of their followers, as demonstrated by El Shaddai's four decades of existence.

Keywords; Bro. Mike Velarde; Charism; El Shaddai; Leadership; and *Succession scenario*

Article history

Received : 3 May 2024

Revised : 3 June 2024

Accepted: 20 January 2025

Panimula

Sa isang relihiyosong kongregasyon, malaki ang ginagampanang estilo sa pamamahala ng isang lider. Ang kaniyang impluwensiya ay nagiging daan para mahikayat ang mga taong umahon dito. Ipinapakita nito na ang tunay na kapangyarihan ng isang lider ay nagmumula sa dami at katapatan ng kaniyang mga tagasunod—isang katangiang malinaw na makikita sa samahang El Shaddai. Sa katunayan, mahirap nang paghiwalayin ang buhay ng nagtatag sa pagkakakilanlan ng grupo. Maaari ngayong sabihin na ang El Shaddai ay si Bro. Mike at si Bro. Mike ay ang El Shaddai.

Ang El Shaddai- DWXI Prayer Partners Fellowship International Inc. ay isang karismatikong grupo sa ilalim ng Simbahang Katolika na naitatag noong Agosto 1984 sa Pilipinas. Itinatag ito ni Engr. Mariano "Bro. Mike" Z. Velarde, isang *real estate developer* na ipinanganak sa Cataduanes noong Agosto 20, 1939 at nakapagtapos ng *Geodetic Engineering* sa FEATI University. Noong Pebrero 1978, habang sumasailalim siya sa isang operasyon sa puso sa Philippine Heart Center, isang hindi pa nakikilalang misteryosang babae ang lumitaw at nag-utos na buksan ang Bibliya sa 1 Corinto 10:13 (Velarde, 2009). Mula sa engkuwentrong ito nagsimula ang kanyang relihiyosong buhay, dahil ayon sa kanya, nakaramdam siya ng kakaibang lakas matapos

ang pangyayaring ito. Mula sa iilang nakikinig sa kanya sa programang "To God Be the Glory" sa DWXI 1314 AM Kilohertz, lumago ang grupo hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa buong mundo. Sa personal na panayam kay Bro. Ranny Limbo, tinatayang nasa 308,133 ang *covenanted members* ng samahan na may Identification Card at mahigit 10 milyon ang *non-covenanted members* na walang ID pero regular na dumadalo sa mga pagtitipon ng grupo. Sa ngayon, mayroong 56 *Provincial Formation Coordinating Council* (PFCC), 235 *parish chapters*, at 417 *sub-centers* sa buong Pilipinas, at 70 registered na *international chapters* na nagpapalaganap ng mithiin at misyon ng El Shaddai (Ranny Limbo, personal na panayam). Layunin ng grupo na ihayag sa lahat ang salita ng Diyos para tumanggap ang bawat isa ng kaligtasang alok ng Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesukristo (Velarde, 1997).

Apat na dekada na ang nakalilipas mula nang pamunuan ni Velarde ang samahan, patuloy pa rin ang pagdagsa ng tao sa kanilang lingguhang pagtitipon at inaabangan ang kaniyang talumpati. Sa kabila ng kanyang pisikal na limitasyon, masikhay pa rin ang mga miyembro ng El Shaddai na tumutugon sa kaniya. Tinitingnan sa ngayon, na ang kaniyang masaklaw na impluwenisya ang dahilan sa pananatili ng mga tao. Sa ganitong konteksto, tinangkang suriin ng papel na ito kung papaano pinamunuan ni Bro. Mike Velarde ang El Shaddai sa loob ng apat na dekada kapag sinipat gamit ang tipolohiya nina Max Weber at Zeus Salazar. Si Max Weber ay isang Alemang ekonomista na nagpakilala sa modelo ng pamumuno: tradisyunal, karismatiko, at legal-burukratang pamumuno. Sa ganitong konteksto, tinangkang suriin ng papel na



ito kung papaano pinamunuan ni Bro. Mike Velarde ang El Shaddai sa loob ng apat na dekada kapag sinipat gamit ang tipolohiya nina Max Weber at Zeus Salazar. Si Max Weber ay isang Alemang ekonomista na nagpakilala sa modelo ng pamumuno: tradisyunal, karismatiko, at legal-burukratang pamumuno. Si Zeus Salazar na isang Pilipino, ang ama ng Pantayong Pananaw ay nagbibigay naman ng apat na modelo ng pamumuno sa kontekstong Pilipino: datu, bagani, babaylan at panday. Ang mga tipolohiyang ipinakilala nila ang gagamitin ng mananaliksik para pagnilayan ang Sistema ng pamamahala ni Bro. Mike sa grupong El Shaddai. Sa mas tiyak na pagtingin, tinangkang sagutin ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod: 1.) Paano uminog ang pamumuno ni Bro. Mike Velarde sa loob ng apat na dekada? at 2.) Batay sa Weberiano at Salazarianong mga tipolohiya ng kaniyang pamumuno, ano-ano ang magiging implikasyon nito sa 'succession plan' ng samahang El Shaddai?

Sa pangkalahatan, ang ganitong uri ng pag-aaral ay nagbibigay ng mahalagang pananaw sa epektibong pamumuno at sa hinaharap ng isang makapangyarihang samahan. Sa mas tiyak na paglalahad, may tatlong dahilan kung bakit mahalagang pagtuunan ng pansin ang paksang ito: Una, ang karismatikong pamumuno ni Bro. Mike ay naging pundasyon ng paglago at tagumpay ng El Shaddai. Ipinapakita ng pag-aaral kung paano nalikha at napalago ang El Shaddai sa ganitong uri ng pamamahala. Maaaring ang kaniyang estilo ng pamumuno ay pamarisan ng mga relihiyoso o anumang uri ng samahang naglalayon ding maging matagumpay bilang grupo. Pangalawa, mahalaga ang pag-unawa sa "succession scenario" upang mapanatili ang katatagan, kaayusan, at pagkakaisa ng grupo sa harap ng posibleng pagpapalit ng pamunuan. Itinatampok ng pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagpapalano sa mas lalong ikatatagumpay ng isang samahan. Panghuli, ang pamumuno sa El Shaddai ay hindi lamang tungkol sa organisasyon, maging sa pagpapalaganap din ng pananampalataya. Kapupulutan ng ideya ang pananaliksik na ito sa kung papaanong inintegra ni Velarde sa kanyang pamamahala ang bisyon niyang ipalaganap ang salita ng Diyos. Sa huli, napakahalaga na magkaroon ng bisyon ang lider dahil kung hindi malinaw ang bisyon, hindi rin magiging malinaw ang direksiyon ng isang organisasyon.

Ilang mga pag-aaral tungkol sa Weberianong Tipolohiya ng Pamamahala

Sa masaklaw na pagtingin, malaki ang kapakinabangan ng Weberianong tipolohiya sa pag-unawa ng agham panlipunan at sa mga diskurso ng pamahala. Sabi nga ni Houghton (2010), mahalaga ito dahil hinubog nito ang mga kaisipang may kaugnayan sa pamamalakad. Marami-rami na rin ang mga dayuhang nagtangkang pag-aralan ang tipolohiyang ito ni Weber (1958) at inilapat ito sa iba't ibang disiplina partikular na sa lipunan. Sa katunayan, tinutukan ni Weber ang pagsasama, pagpapatuloy, at pagbabago ng isang organisasyong panlipunan (Einsentadt, 1968). Sa kasulukuyan, may mga pag-aaral nang uminog sa Weberianong pamamahala: kapangyarihan (Courpasson, et al., 2012; Jermier, 1998; Katz at Kahn, 1978), pagbabago sa loob ng organisasyon (Hannan at Freeman, 1984; Mintzberg, et al., 2005; Suchman, 1995) at karisma (Bass, 1985; Bryman, 1993; Conger at Kanungo, 1987; Howell at Shamir, 2005). May mga pag-aaral ding nagpapatunay sa bisa ng karismatikong pamamahala sa usapin epektibong relasyon sa pagitan ng empleyado at ng lider (DeGroot, et al., 2000; Lowe, et al., 1996; Waldman, et al., 2004). Samantala, sinuri naman ng ilang eksperto ang katangian ng isang karismatik na lider sa loob ng organisasyon (Conger at Kanungo, 1987; Klein at House, 1995; at Waldman, et al., 2004), at ang papel na ginagampanan ng mga tagsunod para umayos sa karismatikong pamamahala (Choi, 2006; Ehrhart at Klein, 2001; Howell and Shamir, 2005), at ang karisma na nakahugis sa pagitan ng pinuno at mga tagasunod (Antonakis at Atwater, 2002; Katz at Kahn, 1978; Yagil, 1998).

Sa Pilipinas naman, may iilan na ring pag-aaral na ginamit si Max Weber upang ilarawan ang karismatikong pamamahala (Cabuag, 2016; Turner, 2011; Garming, 1981; Tolentino, 2023; Demeterio, 2010) at ang papel ni Segunodo (2023) tungkol sa pamamahalang karismatiko na pangulo sa bansa. Sa mga naunang iskolar, tila wala pang pananaliksik na nagtangkang gamitin ang tipolohiya ni Max Weber para suriin ang pamamahala ng mga relihiyosong lider na siya naming pagtutuunang-pansin sa papel na ito. Bagamat, hindi Pilipino si Weber, nakikitang malaki ang implikasyon ng tipolohiya niya sa Pilipinas lalo na sa usapin ng pamamahala.

Ilang mga pag-aaral tungkol sa Salazarianong Tipolohiya ng Pamamahala

Hindi katulad ng tipolohiya ni Weber, sa kasalukuyan ay may ilang pag-aaral pa lang ang nagtangkang isakontekto ang tipolohiya ng pamamahala ni Zeus Salazar sa Pilipinas. Kaisipang bayani na taglay ng mga OFW ni Pedregosa (2020) ang tipolohiya ni Salazar sa demokratikong pamumuno sa Pilipinas (Demeterio, 2010) na binigyang reaksiyon ni Bolanos (2010). Samantala, dinalumat naman ni Chua (2014) ang konsepto ng salitang bayani at iba pang salita na akma sa konsepto ng sinaunang pamamahala. Bagay na sinuportahan sa papel ni Santos (2020) na tumtukoy sa mga bagani bilang tagapanatili sa ginhawa ng bayan. Sa mga papel na ito, naging mayaman ang pagpapakuhulugan at pagsasalarawan nila sa anyo ng Salazarianong tipolohiya. Gayunpaman, wala pang saliksik na nag-angkop ng tipolohiya ni Salazar sa konteksto ng isang relihiyosong sekta na sentral sa diskurso ng papel na ito. Kinakailangan pang mapagyaman ang tipolohiyang ito para mabigyang espasyo ang pagsasalarawan ng pamamahalang Pilipino.

Ilang mga pag-aaral tungkol sa Samahang El Shaddai

Mula nang magsimula ang El Shaddai noong Agosto 1984, may ilang iskolar na ang nagtangkang pag-aralan ang kalikasan ng grupo. Sa pag-aaral ni Katherine Wiegele (1997), nakita niya na malaking bahagdan ng mga miyembro ay mula sa laylayan ng lipunan. Sinisugan ito ni Araw (1999) na kaya naging patok si Velarde sa mga tao dahil sa pag-asang ipinapangaral nito. Napalalalim ang pag-aaral na ito noong suriin ni Demeterio (2013) ang diskurso ng pag-asa na nakapaloob sa grupo at ang implikasyon nito sa politika at lipunang Pilipino, habang ipinaliwanag naman ni Francisco (2010), ang kinaiba ng El Shaddai bilang isang karismatikong kilusan at ang kaibahan nito sa tradisyunal na simbahang Katolika. Samantalang sinaklaw naman ng papel ni Gorospe (1999) ang impluwensiyang politikal ng grupo, partikular ang kanilang gampanin at epekto tuwing may halalan sa Pilipinas. Sa mas malawak na pagtingin, tinangkang aralin ni Leonardo Mercado (2001) ang paggamit ng mga maka-Pilipinong simbolo sa lingguhang pagtitipon ng El Shaddai dahilan para sila ay maging matagumpay at patok sa Pilipinas. Nakita naman nina Kessler at Ruland (2007), na malaki ang ambag ng retorika ni Bro. Mike kaya patuloy itong tinatangkilik ng mga Pilipino. Sa mga pag-aaral na nabanggit, pinaghalong kwalitatibo at kwantitatibo ang metodolohiyang ginamit para mapalutang ang phenomenon ng grupo. Kung panayam ang

ginamit nila Wiegele (1997) at Gorospe (1997), sinuri naman ni Demeterio (2013) ang magasin at ilang playback ng mga talumpati ni Velarde; sa pag-aaral na ito pinagsama ang dalawang metodolohiya para mas malalim ang pagkaunawa sa daynamiks ng grupo. Pinahapwayan ng mga naunang iskolar ang katauhan ni Velarde ngunit ito ang unang pagtatangka na aralin ang sistema ng kaniyang pamamahala na sa tingin ng mananaliksik ay malaking salik sa pagiging popular nito sa apat na dekada. Mahalagang mabigyang espasyo ang ganitong pag-aaral para mas lalong lalawak at lalalim ang prinsipyong sinasaligan ng mga relihiyosong lider sa pagpapanatili at pagpapalago ng kanilang kongregasyon.

Metodolohiya

Ginamit sa pananaliksik ang deskriptibong penomenolohikal na disenyonag naglalayong mailarawan at masuri ang karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang pananaw. Sang-ayon kina Best at Kahn (1998), epektibo ang disenyonag ito sa paglalarawan ng kasalukuyang penomenon kung saan walang kontrol ang mananaliksik at inilalarawan lamang niya ang mga umiiral na kondisyon. Samantala, ginamit naman bilang instrumento sa pananaliksik ang Interview Guide Form (IGF) na naglalaman ng mga katanungang may kaugnayan sa mga suliranin ng pag-aaral at para matugunan ito, kumapanayam ang mananaliksik ng labinlimang piling miyembro ng El Shaddai na tumutugon sa tatlong pamantayan: 1) 20–40 taon nang miyembro ng El Shaddai; 2) regular na dumadalo sa pagtitipon tuwing Sabado at/o Martes; at 3) aktibong nakikilahok sa mga gawain ng samahan. Nagsimula muna sa purposive sampling hanggang sa humantong sa snowball sampling dahil inirekomenda ng mga naunang nakapanayam ang iba pang mga kalahok na kakilala nilang tumutugon din sa nabanggit na pamantayan. Para mas lumalim ang pag-aaral, ginamit din ang pansinupang pananaliksik (archival research) sa opisyal na dokumento, recording ng talumpati ni Velarde, at opisyal na magasin ng samahang El Shaddai. Matapos ang pakikipanayam, tinipon ang interview notes at sinuri gamit ang balangkas nina Braun at Clarke (2013) ukol sa anim na hakbang ng tematikong pagsusuri.

Tipolohiya sa Pamamahala nina Max Weber at Zeus Salazar bilang Batayang Teoretikal ng Pananaliksik

Binalikan ng pananaliksik na ito ang papel ni Feorillo Demeterio (2010) na pinamagatang "Ang Demokratikong Sistema at mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas". Sa artikulong ito, binigyang-diin niya ang importansiya ng istruktural na kondisyon sa sistemang politikal. Ayon dito, may tatlong uri ng pamamahala na inihahain si Max Weber, isang Alemang ekonomista: tradisyunal, karismatiko, at legal-burukratikong pamumuno. Tinatawag na walang hanggang kahapon ang tradisyunal na pamumuno dahil ipinapasa ng ama mula sa anak ang kapangyarihan. Ang mga halimbawa nito ay mga hari, patriyarka, at pyudal na ginoo. Ang karismatikong pamumuno ay mula sa hindi pangkaraniwang katangian ng isang tao, dahilan para siya ay sundin ng kanyang mga tagasunod. Nakikita ito sa mga lider na may kakanyahang maimpluwensiyahan ang kanilang tagasunod batay sa kaniyang bisyon at misyon. Nakikita ito ni Weber (1958) bilang pinuno ng mga kilusang panlipunan at ang kapangyarihan nila ay mula sa nakatataas at iba pang may supernatural na kapangyarihan katulad ng mga propeta. Sang-ayon kay Rieserbrodt (1999), mas pinapaburan ni Weber ang ganitong pamumuno lalo na ang pagtuon sa kung ano ang mangyayari sa organisasyon sa oras na mawala ang lider. Sina Julius Cesar, Hesukristo, Mahatmah Gandhi, at Adolf Hitler ang ilan sa mga halimbawa nito (Demeterio, 2010). Panghuli, ang legal-burukratikong pamumuno na batay sa kwalipikasyon nito at promosyon na ayon sa nakasulat sa batas ng organisasyon. Sa madaling sabi, ang pamamahala nito ay batay sa kanyang pinag-aralan at kakanyahan bilang isang indibidwal. Nabanggit ni Demeterio (2010) na tahimik lamang ang uring pamumuno nito at ang ginagawa lamang niya ang nakasaad sa *job description*, walang labis at walang kulang. Dagdag pa niya, hindi sila naaalala sa kasaysayan tulad ng pagkakaalala sa mga karismatikong pinuno. Sa isinagawang balangkas ni Blau (1963), tiningnan niya ang relasyon ng tatlong pamumuno. Batay sa kanya, ang tradisyunal na pamumuno ay impersonal habang ang karismatiko naman ay personal at ang legal-bururati ay rasyunal.

Si Zeus Salazar naman ay isang Pilipinong historyador at tagapagdalumat ng Pantayong Pananaw. Isa siyang retiradong propesor mula sa Unibersidad ng Pilipinas. Sa kanyang aklat na "Ang Babaylan ng sa Kasaysayan ng Pilipinas", nabanggit niya na may apat na modelo ng

pamumuno: ang pamumuno ng datu, ng bagani, ng babaylan, at ng panday. Ang unang modelo ay ang sa datu na noong unang panahon ay responsable sa pamahalaang politikal, sa tungkuling militar at sa kabuoan ng ekonomiya. Itinuring na siya ang pinakamataas na pinuno sa barangay. Kung babalikan ang modelo ni Weber, magkahalong tradisyunal at karismatiko ito dahil ang ibang datu ay napamanahan lang ng kapangyarihan habang ang iba ay mula talaga sa sarili nilang lakas (Demeterio, 2010). Ang bagani naman o bayani ay isang pinuno na kumukuha ng kapangyarihan sa kanyang lakas, tapang at paninindigang ipinaglalaban sa lipunan. Karimastikong pamamahala ang katumbas nito sa modelong inihahain ni Max Weber. Ang ikatlong modelo ay ang sa babaylan na humuhugot ng kanyang kapangyarihan sa kanyang kaalaman tungkol sa mga espirituwal at praktikal na bagay. Pinamumunuan niya ang mga ritwal. Panghuli, ang pamumuno ng panday na nakabatay sa angking galing sa larangan ng teknolohiya na kahawig sa pamumuno ng karismatiko.

Bagaman ang papel ni Demeterio ay nakabatay sa usaping politikal lamang, malaki rin ang posibilidad nito na magamit para masuri ang pamumuno sa loob ng isang relihiyosong grupo. Sa pangkalahatang diwa, ang tipolohiya sa pamumuno nina Max Weber at Zeus Salazar ay magbibigay perspektiba sa estruktura at uri ng awtoridad sa pamumuno ni Bro. Mike sa El Shaddai. Ang pagkakaisa ng mga perspektibang ito ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa sistema ng pamamahala sa El Shaddai.

Konseptuwal na Balangkas




Figura 1. Apat na Dekadang Pamumuno ni Bro. Mike Batay sa Tipolohiya ni Weber at ni Salazar

Ang konseptuwal na balangkas sa Figura 1 ay nabuo mula sa mga tipolohiyang inihahain nina Max Weber at Zeus Salazar ukol sa pamumuno. Gamit ang tipolohiya ni Max Weber, sinuri ang tatlong uri ng pamumuno: pamumunong tradisyonal na nakaugat sa mga ritwal at kaugalian, ang pamumunong nakabatay sa personal na katangian ng pinuno, at pamumunong sistematiko na nakasalalay sa mga batas at istrukturang pormal. Samantala, mula sa pananaw ni Zeus Salazar, ang pamumuno ay tinitingnan bilang isang papel na ginagampanan ng isang lider sa paghubog at pangangalaga sa kultura at kabutihan ng komunidad. Pinagsasama ng balangkas na ito ang iba't ibang aspekto ng pamumuno upang ipaliwanag ang impluwensya ni Bro. Mike at tagumpay ng El Shaddai sa loob ng apat na dekada.

Etikal na Konsiderasyon

Bagama't nasa legal na edad ang mga kalahok, lumagda pa rin sila sa *Interview Consent Form* na naglalaman ng mga alituntunin sa kanilang paglahok. Isinagawa muna ang isang maikling briefing upang ipaliwanag ang layunin at kalikasan ng pag-aaral at ipinaalam sa kanila na ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo at maaari silang umatras anumang oras. Matapos nito, nagpaalam din sa kanila ang mananaliksik na magtatala siya sa kanyang

Interview Notes ng mga puntong binibigyang diin nila, at sa huli, humingi rin ng pahintulot na direktang gagamitin ang kanilang pangalan sa bahagi ng resulta at diskusyon na seksiyon ng pag-aaral, ngunit ang mga hindi sumang-ayon ay tinukoy bilang "kalahok" sa papel.

Resulta at diskusyon

Mahahati sa dalawang bahagi ang pagtalakay sa seksiyon na ito: titingnan muna kung paano uminog sa apat na dekada ang pamamahala ni Bro. Mike sa El Shaddai sang-ayon sa tipolohiya ni Weber at ni Salazar at ang ikalawa naman ay pagsusuri sa Succession Planning na mayroon ang grupo at pag-aangkop nito sa Weberiano at Salazarianong kaisipan.

Ang Pamumuno ni Bro. Mike noong Unang Dekada (1984-1994)

Itinatag ni Bro. Mike Velarde sa Pilipinas noong Agosto 1984 ang El Shaddai. Noong una, inakala niyang walang nakikinig kaya nais niyang ihinto ang pagbobroadcast sa radyo, hanggang isang araw, isang babae ang lumihap sa kaniya para sabihing huwag tumigil sa paghahayag ng mabuting balita dahil gumaling ito sa migraine (Omnibus Code, 2007). Laking gulat ni Velarde dahil wala naman siyang pinagsabihan sa kaniyang plano. Mula noon,

marami ng liham ang ipinapadala sa kaniya na naglalaman ng mga patotoo na gumaling sila dahil sa pakikinig sa kaniya (Bagong Liwanag Magazine, 1991; Bagong Liwanag Magazine, 1994).




Figura 2. Unang Balangkas ng Pamumuno mula 1984-1994

Mapapansin sa unang balangkas na walang sistemang pamamahala sa El Shaddai dahil ang ibig ni Velarde ay maging malaya ang pagkilos ng Diyos sa kanilang samahan. Sa omnibus code ng grupo, aminado si Velarde (2007) na matagal niyang inisip na magkaroon ng guidelines, ngunit hindi niya ito magawa dahil ang nais niya noong una ay maging malaya lang kahalintulad sa pagkilos ng Espiritu Santo sa buhay niya. Ang pagtugon ng mga tao sa unang pagtitipon ng grupo na ginanap noong Agosto 1984 ay patunay na naging patok siya sa mga tagapakinig.

Sa malawak na paglalarawan ng mga kalahok, sobrang lakas ng manipetasyon ng Espiritu Santo sa kanilang grupo noong mga panahong iyon: lumakad ang mga pilay, nagbago ang mga alipin ng bisyo, gumaling ang mga tao sa karamdaman, may kapangyarihan sa bawat niyang sinasabi, nagkaroon ng pag-asa ang mga tao sa buhay, at naghihimala sa mga tao niyang nakakasalamuha (Kalahok 1,3, 5, at 8). Sinusugan ito ng ilang mga patotoo sa kanilang Liwanag Magazine: babaeng sinasaniban ng masamang Espiritu na humipo sa laylayan ng pantalon ni Velarde ang lumaya (Bagong Liwanag Magazine (1990); babaeng may kanser sa utak na nakasalo ng panyo na inihagis ni Velarde ang gumaling (Bagong Liwanag Magazine, 1992). Sa mga patotoong ito, malinaw na sentral si Velarde sa kanilang mga nabanggit.

Kapag binalikan ang tipolohiya ni Weber, maiuuri natin si Bro. Mike bilang karismatikong lider. Tinukoy

ni Weber (1978): *new religious movements get their impetus from the attraction of a charismatic leader, a dynamic person who is perceived as extraordinary and set apart from the rest of humanity.* Ang pagtingin nila kay Bro. Mike bilang nagpapagaling at nagpapalaya ang isa sa mga salik kung bakit nagsimula itong lumago sa unang dekada nilang pag-iral. Ibig sabihin, ginamit niya ang personal na karisma para matipon ang mga tao sa unang dekada ng pagkakatatag nito.


Sa tipolohiya naman ni Zeus Salazar, maiuuri si Bro. Mike bilang isang bagani na nagsakripisyo para maipagpatuloy ang samahan sa kabila ng persikasyon na natanggap nito sa kaniyang asawa, mga pari at kritiko (Velarde, 2009). Sinasalamatin din ng mga katangiang nabanggit sa itaas ang malasakit ni Velarde sa mga tao na mapalapit sila sa Diyos kaakibat ng ginhawang matatamasa nila sa buhay. Sabi nga ni Salazar (2004), kaginhawaan ang isa sa mga naidudulot ng bayani. Dagdag pa ni Demeterio (2009), ang isang bayani ay isang charismatic community leader; tagapagligtas ng komunidad.

Sa pangkalahatan, ang unang dekada ng pamamahala ni Velarde mula sa kawalan nito ng estruktura ay pamamahalang karismatik at bagani. Kinikilala siya bilang tagapag-ugnay ng pananalig at pagkakaisa ng bawat miyembro na naging dahilan para maging patok ang grupo sa unang bahagi ng kanilang pagpapakilala.

Ang Pamumuno ni Bro. Mike noong Ikalawang Dekada (1994-2004)

Sa ikalawang dekada, nagpatuloy ang kaniyang karismatikong pamamahala sa mas malawak na saklaw dahil patuloy na lumaki ang bilang ng grupo. Naging makasaysayan ang taong 1994 dahil dito naganap ang pinakamaraming dumalo sa kanilang pagtitipon na umabot sa sampóng milyon (Liwanag Magazine, 1994). Para matugunan ang paglaki ng grupo, nailathala ang *Omnibus Code* na dapat sundin ng mga manggagawa na ibig maglingkod sa gawain. Bunsod nito, nakabuo ng istrukturang pang-organisasyon ang grupo na binubuo ng sumusunod: ang Servant leader, ang namumuno sa grupo at sa ilalim niya ay ang Spiritual Directors na sumisigurong hindi humihiwalay ang katuruan ng El Shaddai sa katuruan ng Simbahang Katolika. Sila rin ang responsable na mag-ayos ng lay formation para sa mga Disciples at Preachers. Ang *Council of Elders* naman ay binubuo ng mga *Senior Disciples* na katuwang ni Bro. Mike para mabigyang resolusyon ang anumang hinaing na idinudulog ng

mga miyembro. Sa ilalim ng *council of elders*, may mga ministry heads na namamahala sa pitong ministries ng grupo: ito ay ang music ministry, Admin and General Services Ministry, Education Ministry, Finance Ministry, Operations Ministry, at Media Ministry (Bagong Liwanag Magazine, 1994). Sa ilalim ng bawat ministry na ito ang iba't ibang sangay pa na katuwang sa mas ikakaayos ng gawain. Tingnan ang pigura 3:



Pigura 3. Ikalawang Balangkas ng Pamumuno mula 1994-2004

Ang ikalawang balangkas ng pamumuno ni Bro. Mike ay kakikitaan ng deligasyon at sistema para mas magiging maayos ang pamamahala mula sa kanya hanggang sa mga miyembro ng El Shaddai. Bagaman, may estruktura na, napanatili pa rin ni Velarde ang kaniyang pagiging maimpluwensya sa mga miyembro. Sa dekadang ito nagsimulang maging maugong ang kaniyang pangalan sa mga politiko at nilalapitan na siya ng mga ito upang hingin ang kaniyang endorso. Ilan sa mga halimbawa ay sina dating Pangulong Fidel Ramos, Joseph Estrada, at Gloria Macapagal Arroyo. Nabanggit ni Karen Davila sa kaniyang dokumentaryo, may kapangyarihan si Bro. Mike na makapagpanalo ng mga tumatakbong presidente.

Samantala, bilang isang bagani, naging kilala ang Buhay Party-list na nagtataguyod sa kahalagahan ng buhay ng tao noong 2002 na pinasimuno ni Bro. Mike, sinisimbolo nito ang paglawak ng papel ni Bro Mike hindi na lamang para sa mga miyembro ng El Shaddai, maging sa sambayanang Pilipino na rin. Ipinapakita nito ang pagsasakatuparan ng mas malaking proyektong pangkomunidad ni Velarde bilang bagani at pagtataguyod ng mga proyektong pangkawanggawa. Sa ilang edisyon

ng Liwanag Magazine, ipinakita roon ang mga *outreach programs* na isinagawa ng samahan para matulungan ang mga nasalanta ng kalamidad (Bagong Liwanag Magazine, 1995; Bagong Liwanag Magazine, 1998; Bagong Liwanag Magazine, 2001, at Bagong Liwanag Magazine 2003). Uminog din ang ikalawang dekada sa patuloy na pakikinig ni Velarde sa mga nasa laylayan ng lipunan nang kaniyang pasimulan ang segment na Question and Answer tuwing Martes sa kanilang pagtitipon. Sa programang ito, nagbibigay siya ng libreng payo sa usaping legal, lupa, pamilya, at iba pang paksa na ipinaaabot sa kaniya ng mga miyembro.

Sa kabuoan, nagkaroon ng transisyon mula sa personal na karisma ni Velarde tungo sa mas sistematikong pamamahala. Bagaman, litaw pa rin ang kaniyang pagiging karismatikong pinuno, mahihinuha na may nagagawa na rin siya para sa Lipunan sa ikalawang dekadang pamumuno sa El Shaddai.

Ang Pamumuno ni Bro. Mike noong Ikatlong Dekada (2004-2014)

Sa ikatlong balangkas ng pamamahala sa samahang El Shaddai, nananatiling si Bro. Mike ang namumuno sa grupo, ngunit batay sa obserbasyon ng mga kalahok, ito ang panahon na kung saan, unti-unti na niyang pinagsasalita sa entablado ang kanyang mga anak. Sa panahong ito nadagdag ang pamunuan at mga kawani; si Dr. Franklin Velarde na panganay na anak ang itinalagang Presidente ng College of Divine Wisdom, si Bro. Rene Velarde ang inaatasang magbasa ng mga reading sa Healing Message, at kinatawan ni Bro. Mike sa mga anibersaryo sa iba't ibang panig ng bansa. Si Sis. Sherry Yambao naman ang naatasan sa Administrasyon at si Bro. Michael Velarde ang nangasiwa sa DWXI radio. Naging katuwang ni Bro. Mike ang kanyang anak sa kabuoan ng kanyang Healing Message. Kung noon, si Bro. Mike ang nagsasalita sa buong *Healing Message*, taong 2013 nang ang pinagpapanalangin na niya at pinagbabasa ng reading sa *Healing Message* ay si Bro. Rene na pangalawa niyang anak at/o mga apo. Bagama't nabanggit na may mga hinahawakang posisyon ang mga anak, si Bro. Mike pa rin ang nasusunod sa ikatlong balangkas. Pansinin ang pigura 4:



Pigura 4. Ikatlong Balangkas ng Pamumuno mula 2004-2014

Kapag ilalarawan ang dekadang ito sang-ayon sa tipolohiya ni Weber, papasok ito sa institusyanalisadong karismatikong pamamahala kung saan habang tumatagal ay mas lalong lumalawak ang impluwensiya ni Bro. Mike sa iba't ibang sektor ng lipunan. Tahasang sinuportahan ng El Shaddai ang Buhay Party-list na naging dahilan para manalo ito noong 2004 at 2007. Naging matagumpay rin ang panawagan ni Velarde sa kaniyang mga miyembro taong 2013 nang pamunuan niya ang White Vote Movement na naglalayong huwag iboto ang mga senador na pumabor sa Reproductive Health Law (Philippine Daily Inquirer, 2013). Ayon kay Robert Tucker (1970), ang isang karismatik na lider ay hindi lamang iniidolo ng kaniyang mga tagasunod dahil sa pambihira nitong katangian, lagpas pa rito ay ang panghihikeyat niya sa mga tao na umanib sa kilusan para sa pagbabago at pamunuan niya ito. Para naman kay Jean Robinson (1985), sa pag-iinstitusyonalisasyon ay mahalagang maisalin ang bisyon ng lider sa kayang organisasyon. Sang-ayon dito ang naging kilos ni Velarde nang irebisa niyang muli ang *Omnibus Code* noong 2007. Mas napagtibay rin ang sistemang institusyonal ng El Shaddai nang napasinayaan ang College of Divine Wisdom, na naglalayong mamahagi ng libreng pag-aaral sa anak ng mga miyembro ng El Shaddai. Sa kabila ng mga ito, pinananatili pa rin ng punong-lingkod ang kaniyang charismatic authority. Ang hakbang na isinagawa ni Bro. Mike noong 2013 at ang mas lalo niyang pakikiisa sa politika ay katangian pa rin ng isang bagani bilang tagapagtanggol ng pananampalataya at katuruan ng simbahan. Pinoprotektahan ni Velarde ang mga paniniwala at tradisyon sa harap ng modernisasyon. Naging bukas siya sa kaniyang mga talumpati ukol sa mga isyu ng bansa at hindi natatakot na tawagan ng

pansin ang mga nanunungkulan sa pamahaalaan.

Ang Pamumuno ni Bro. Mike noong Ika-apat na Dekada (2014-2024)

Sa ikaapat na balangkas ng pamamahala sa El Shaddai, mapapansing halos nagsisimula na rin ang succession plan. Si Bro. Michael Velarde, ang bunsong anak, ang itinalagang ASL o Assistant Servant Leader ni Velarde. Ang primaryang nakikita ng mga kalahok sa gampanin ni Bro. Michael ay alalayan ang kanyang ama dahil sa pisikal na limitasyon nito sanhi ng edad. Bagaman, may itinalagang *Assistant Servant Leader*, sa usapin ng pagdedesisyon sa mga nangyayari sa samahan, malaki pa rin ang ginagampanan ni Bro. Mike. Lumabas sa sagot ng mga kalahok na kinikilala pa rin si Bro. Mike bilang punong-lingkod, pero may mga bagay na nangyayari sa loob na nasa pagpapasya na ng bunsong anak na ikinokonsulta naman nito sa ama. Sina Bro. Aurelle Mabaza at Bro. Rod Banares, parehong disipulo ng grupo, ay kapwa nagsabi na anumang konsern na may kinalaman sa samahang El Shaddai, ipinapaubaya ng tatlong kapatid sa kanilang bunsong kapatid. Dagdag pa rito, tinuran din ng mga nakapanayam na malaking salik sa pagbabago ng sistema ang edad at pisikal na limitasyon ng kanilang lider. Para naman kay Bro. Rafael De Los Reyes, ang Assistant Head of Education, kaya may mga pagbabago sa mga balangkas ay dahil paraan ito ni Velarde upang hubugin ang bunsong anak na posibleng pumalit sa kaniya. Tingan ang pigura 5 na bumabalangkas sa kasalukuyang sistema ng pamamahala sa El Shaddai:



Pigura 5. Ika-apat na Balangkas ng Pamumuno mula 2014-2024

Sa personal na panayam ng mananaliksik kay Bro. Micahel Velarde nitong Setyembre 13, 2024 sa kaniyang opisina sa Makati, ipinaliwanag niya na ang kanyang pagiging Assistant Servant Leader ay hindi hiwalay na entity sa pagiging Servant Leader ni Bro. Mike. Sa ganang kanya, si Bro. Mike pa rin talaga ang sinusunod at tumutugon lang siya sa mga ipinag-uutos nito. Sa usapin ng pagdedesisyon, madalas niya pa ring kinokonsulta ang kanyang ama at sinusunod pa rin niya kung ano ang desisyon nito. Nilinaw niya na ang sakop ng kanyang pagiging ASL ay para alagaan at tulungan si Bro. Mike at ang grupong itinatag nito.

Mula sa mga nakalap na impormasyon, maituturing na bahagi ito ng routinization ng karisma sang-ayon sa Weberianong konsepto. Ayon dito, nagkakaroon ng transisyon sa pamamahala mula karismatiko patungo sa tradisyunal na pamamahala. Bukod dito, aminado si Weber (1964) na hindi madaling panatilihin ang karismatikong pamumuno lalo na't tinitingala ng mga tagusunod ang kasalukuyang lider. Sa konteksto ng samahang El Shaddai, ang routinization ay magagamit upang mapanatili ang kasalukuyang ritwal, katuruan, at kulturang itanim ni Velarde dahil sa pag-akap nito sa karismatikong uri ng pamumuno. Hindi sang-ayon si Robinson (1985) na kinakailangang baguhin ng susunod na lider ang sistemang iniwan bagkus ito ay dapat na pagymanin at paunlarin pa. Tumutugon ito sa naging konklusyon ni Demeterio (2010) na dapat pagyamanin ng susunod na lider ang teolohiya ng punong-lingkod. Sa kasalukuyan, mapapansin na wala pang ganap na pagbabago sa samahang El Shaddai dahil si Bro. Mike pa rin ang namumuno.


Kapag binatayan naman ang tipolohiya ni Salazar, nagsisilbing isang baganing nakatatanda si Velarde kung saan nagsisilbi siyang tagapayo at taggagabay sa susunod na henerasyon ng mga lider. Bukod pa rito, ipinagpapatuloy niya pa rin ang kanyang tungkulin sa samahan bilang tagapanggalaga ng mga tradisyon Pilipino at pananampalatayang Kristiyano. Sinasalamon naman ng determinasyon na isa rin katangian ng bagani (Salazar, 2004) ang masikhay na pagsasalita ni Bro. Mike para mangaral sa kabila ng pisikal na limitasyon nito.

Kabuuang Pagsasalarawan sa Pamumuno ni Bro. Mike Batay sa Tipolohiya ni Weber at Salazar

Sa apat na dekadang pamumuno ni Velarde sa kilusang El Shaddai, maiuri ito sa karismatikong pamamahala na inihahain ng tipolohiya ni Weber at baganing pamamahala ayon sa tipolohiya ni Salazar. Nagpapakita rin ito ng pinaghalong personal na

karisma at tagapagtanggol ng pananampalataya at kultura na humubog sa kanyang mga tagasunod sa mga nakalipas na panahon.


Mula sa unang taon ng pamamahala niya sa samahan, ipinakita niya ang personal na karisma na humikayat ng libo-libong miyembro. Sang-ayon kay Tucker (1968), lumalabas ang mga karismatik na lider sa oras ng matinding pangangailangan at naghahain ito ng mga bisyonaryong solusyon at praktikal na gawain para matugunan ang pangangailangan ng tao. Gamit ang kanyang personal na awtoridad at mensahe ng pag-asa at pagpapagaling, nakuha niya ang tiwala ng mga tao, isang mahalagang aspekto ng charismatic leadership ayon kay Weber. Ito ay napansin sa malalaking pagtitipon at mga testimonya ng mga miyembro tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagdalo at pakikinig sa mga talumpati ni Velarde. Habang lumalawak ang El Shaddai, mas naging organisado ito at hindi na lamang nakakulong sa pang-espiritwal na layunin bagkus, tumungo ito sa mga gawaing pang-komunidad at politika na nagpapatunay ng kaniyang mas malawak na impluwensiya. Sa ikatlong dekada naman nagsimulang maging institusyonal ang kanyang pamamahala sa grupo dahil mas nagkaroon ito ng direksiyon habang pinanatili niya ang kaniyang personal na karisma, hanggang sa humantong ito sa routinization na naglalayong patuloy na isabalikat ang teolohiyang ipinakilala niya sa mga miyembro ng El Shaddai at unti-unting isinasalin sa bunsong anak ang pamumuno habang hindi nawawala kaniyang matibay na impluwensiya na pinatunayan ng patuloy na pagdalo ng mga tao sa lingguhang pagtitipon. Tingnan ang ilustrasyon sa pigura 6 kung papaanong uminog ang pamumuno ni Velarde sa loob ng apat na dekada.



Pigura 6. Pag-inog ng Pamumuno ni Bro. Mike Batay sa Tipolohiya ni Max Weber

Bilang isang bagani, nagsilbing tagapagtanggol ng pananampalataya si Bro. Mike at ang samahang El Shaddai bilang isang espirital na barangay. Ginamit niya ang kaniyang karisma para bigyang espasyo ang pag-asa sa gitna ng mga pagsubok na pinagdaraan ng kaniyang nasasakupan. Nang lumago at lumawak ang grupo, ang kanyang pagiging bagani ay nakita sa kaniyang pagtataguyod sa kapakanan ng mga maralita, lalo na sa pamamagitan ng mga proyektong pampamayanan na may layuning pag-ibayuhin ang buhay ng kaniyang mga miyembro. Sa madaling sabi, pinamunuan niya ang El Shaddai hindi lamang bilang isang relihiyosong grupo kundi maging isang komunidad na nagtataguyod ng pag-angat sa buhay ng kaniyang mga tagasunod. Makikita ito sa kung papaano niya tinimpla ang kaniyang mga talumpati

na nakatuon sa pagpapayaman at punong-puno ng pag-asa. Sa ikatlong dekada, pinalawak ni Velarde ang kanyang pamamahala bilang tagapagtanggol ng mga espirital at kultural na aspekto sang-ayon sa katuruan at doktrina ng Simabahang Katolika. Naging simbolo siya ng bagani na tumutugon sa mga pagbabago sa Lipunan. Nakiisa siya sa mga aktibidad na naglalayong protektahan ang buhay sapagkat naging maugong noon ang usapin tungkol sa Reproductive Health Bill. Sa ikaapat na dekada naman, nagsisilbi siyang baganing tagapayo na ginagabayan ang komunidad habang pinapanatili niya ang diwa ng pamumuno at sinisigurado ang maayos na pagpapasa ng kaniyang responsibilidad sa susunod na henerasyon ng mga lider. Makikita sa pigura 7 kung papaanong uminog ang pamamahala ni Velarde kapag ginamit ang lente ni Salazar.



Pigura 7. Pag-inog ng Pamumuno ni Bro. Mike sa Tipolohiya ni Zeus Salazar

Ang Pamumuno ni Bro. Mike at ang kaniyang Succession Scenario

Sa huling bahagi ng papel-pananaliksik na ito, una munang titingnan ang opisyal na succession plan ng grupo sang-ayon sa mga dokumentong nailathala at 'di nailathala. Matapos nito ay iisa-isahin ang nakikitang succession scenario ng samahan batay sa kolektibong naging sagot ng mga nakapanayam. Sa huli, ibabangga ito sa tipolohiya ni Weber at Salazar ukol sa diskursong pagpapamana ng pamamahala. Ipinababatid na walang intensiyon ang mananaliksik na panghimasukan, batikusin at pangunahan ang pamamalakad sa samahan. Bagkus, isinulat ito sa layuning mapalakas at mapanatili ang El Shaddai bilang relihiyosong grupo.

Ang Opisyal na Succession Plan ng El Shaddai

Sa aklat na *With El Shaddai Miracles are Forever* sa paunang salita ni Velarde (2009) sinabi niya: "And my youngest—the Joseph of our family—Mariano Michael M. Velarde Jr., who is a Management marketing and Sales graduate, and heir apparent of the El Shaddai-DWXI PPF Movement." Samantala,

sa lingguhang pagtitipon ng El Shaddai noong Marso 16, 2019, naglabas siya ng pahayag sa maaaring pumalit sa kaniya kapag wala na siya. Aniya: "Hindi ako ang nagtayo ng gawaing ito. Ito'y gawain ng Diyos. Biniyayaan ako ng tatlong anak na lalaki. Kaya isa-isa ko silang pinagsasalita. Maliban doon, mayroon po akong walong apóng lalaki at dalawang babae. In other words, God has already prepared the succession of this ministry. Kaya kahit sinuman ang patayuin ko rito sa entablado, pakinggan niyo sila sapagkat kasama nila ang Diyos." Sa pahayag na ito, tinukoy niya na ang Diyos ang mamimili sa susunod sa kaniya. Samantala, sa kanilang *Omnibus Code*, walang ispisipikong pangalan ang nakalagay roon maliban lang sa paglalahad na ang samahan ay rehistrado sa Securities & Exchange Commission at bunubuo ng pitong Board of Trustees pero malinaw na direktang itatalaga ni Bro. Mike ang susunod sa kanya o magkakaroon ng botohan mula sa Board of Trustees. Ayon dito: *Successors shall be chosen from among the spirit-filled covenant members annually, based on seniority, faithfulness, and loyalty to be appointed by the Founder or to be elected by active covenant members in accordance with the*

rules to be issued for the purpose (Velarde, 2007). Sa unang dokumento, tahasan niyang sinabi na sa bunso niyang anak ipapamana ang samahan pero sa dalawang nahuling sipi, walang ispisipikong sinabi o nilagay si Velarde. Gayunpaman, halaw sa tatlong dokumentong ito, malinaw na si Bro. Mike ang magtatalaga sa ibig niyang pumalit sa kaniya sang-ayon sa kaniyang pamantayan.

Mula rito, nakikita ng mananaliksik ang tatlong maaaring mangyari sa succession scenario ng grupo sa hinaharap:

Una, malinaw sa mga nagaganap ngayon na ang hinuhubog ni Bro. Mike na papalit sa kaniya ay ang bunsong anak na si Michael Velarde. Bagaman, kung magiging matapat sa *Omnibus Code*, wala roon ang pangalan niya pero sa aspektong espiritwal, tanggap ng mga kinapanayam na sa bunsong anak ipagkakatiwala ang pamamahala. Dagdag pa rito, nakikita na ang magiging katuwang ni Bro. Michael sa pamumuno ay ang kaniyang tatlo pang kapatid. Posibleng bigyan niya ng katungkulan ang mga ito.

Pangalawa, dahil sa estruktura ng organisasyon may labindalawang Elder Disciple at labindalawang Assistant Elder Disciple, maaaring maipasa sa anak ang pamamahala pero ang posibleng tumayo sa entablado para magpahayag ng salita ng Diyos ay ang mga mangangaral na nahubog na rin nang matagal na panahon sa gawain. Sa senaryong ito, nakatuon si Bro. Michael sa kabuuang pamamahala ng El Shaddai.

Panghuli, nakikita ang posibilidad na maaaring mabawasan ang mga dumadalo dahil ayon sa mga nakapanayam, ang iba ay dumadalo dahil sa presensiya ni Bro. Mike sa entablado. Gayunpaman, lahat sila ay sumang-ayon na hindi magkakawatak-watak dahil sa mga aral na itanim sa kanila ng punong-lingkod at anila dito mapapatunayan ang katapatan ng mga deboto ng El Shaddai na kahit hindi na nila nakikita si Bro. Mike, magiging masikha pa rin sila sa pagadalo. Sa huli, nananampalataya ang mga kalahok na kung papaano sinamahan ng Diyos ang kasalukuyang punong-lingkod, ganun din ang magiging pagsama nito sa susunod.

Kapag babalikan ang Weberianong tipolohiya, may dalawang konseptong mailalapat sa samahan para magpatuloy ito: ang routinization at depersonalization. Hinahagip ng kaisipang routinization ang transisyon mula karismatiko patungo sa tradisyunal na pamamahala dahil ipapamana ni Velarde sa anak ang pamumuno.

Malinaw sa doktrinang Weberiano na hindi maipapasa ang personal na karisma pero posibleng maipasa ang pamamahala. Samantala, sa *depersonalization* naman ay transisyon na tutuon na sa misyon at bisyon ng samahan at hindi na sa personalidad ni Bro. Mike. Kung magkagayon, hindi magkakawatak-watak ang samahan dahil pagyayamanin ng susunod na lider ang teolohiya, mga aral, at katuruan ng kanilang ama. Sa papel ni Demeterio (2010), tinukoy niya na kapag hindi mapapantayan ang pagiging karismatiko ni Bro. Mike, maaaring magkahati-hati sa maliit na organisasyon ang grupo ngunit dahil sa prinsipyo ng depersonalization maiwasan ito. Sa ganitong sabi, kahit hindi na mapantayan ng susunod sa kaniya ang karismatikong uri ng pamamahala, aasa tayo na magpapatuloy pa rin ang samahang El Shaddai.

Sang-ayon naman sa Salazarianong tipolohiya, kung gagamitin ang sinaunang panahong pamamahala, maaaring maipasa ng bagani ang kaniyang pamumuno sa anak kung matutugunan nito ang mga kahingian: makapatay ng sampung tao at makahuli ng mga bata na maaaring ipagbili bilang alipin (Valderama, 1987). Sinusugan ito ni Domingo (2004), na kapag hindi natugunan ng napipisil na bagani ang pangangailangan, nagiging isang malaking kahihiyan ito sa pamilya. Kapag gagamitin natin ang succession scenario ng Salazarianong tipolohiya, malinaw na hindi basta ang pagsusugo sa susunod na bagani bagkus, may mga pangangailangan na dapat isakatuparan. Malinaw rin sa balangkas na maaaring anak ang pumalit. Sa kaso ng El Shaddai, may omnibus code na inakda na naglalaman sa mga katangian ng susunod na lider ng grupo. Sa doktrina rin ng bagani, ang mga batas na itinatag nito ay patuloy dapat na susundin ng komunidad kahit siya ay wala na dahil nagsisilbi itong pamana para sa mga susunod na henerasyon. Sa kultura ng mga katutubo, ang mga alamat at kwento ng bagani ay ipinapasa sa pamamagitan ng oral tradition o pasalitang kwento. Ang mga ito ay nagsisilbing gabay at inspirasyon para sa mga kabataan at sa mga darating pang lider ng komunidad. Ang mga gawain at tagumpay ng bagani ay isinasalaysay sa mga kabataan upang maipakita ang kanyang katapangan, dedikasyon at sakripisyo para sa komunidad. Ang mga kwentong ito ay nagbibigay-halaga sa kaniyang kontribusyon at nagsisiguro na ang kanyang alaala ay hindi maglalaho. Sa kaso ng El Shaddai, magiging isang gabay si Bro. Mike at ang kaniyang mga kontribusyon sa mga susunod na mamumuno nito at patuloy na isasalaysay kung papaano niya matagumpay na napamahalaan ang samahang El Shaddai.

Kongklusyon

Sa kabuuan ng pag-aaral, nakita natin ang pag-inog ng pamamahala ni Bro. Mike sa El Shaddai sa loob ng apat na dekada gamit ang tipolohiya nina Max Weber at Zeus Salazar. Malinaw na karismatikong pamamahala ang kaniyang pinairal sa grupo gamit ang Weberianong pagsipat at baganing pamamahala naman sa Salazarianong pagtingin. Nakita sa pananaliksik na ito na nagmula sa personal na karisma, nagkaroon ng masaklaw na sistema ang pamamahala sa grupo kung saan nailathala ang *Omnibus Code* na nagsilbi nilang gabay. Napag-alaman din na sa ikatlong dekada ng pamumuno mas naging institusyonalisado ang pamamahala na nagbunga sa pagiging rutinalisasyon nito kung saan makikita na mula sa karismatikong pamamahala magiging tradisyunal na uri ito dahil ipagkakatiwala ni Velarde sa bunsong anak ang pamamahala rito. Sa Salazarianong tipolohiya naman, nakita ang pagiging bagani ni Bro. Mike dahil nilayon nito na ipaglaban ang doktrina ng Simbahang Katolika habang pinananatili niya ang malasakit sa kapakanan ng kaniyang nasasakupan. Sa kasalukuyan, isa siyang baganing tagapayong nagsisilbing gabay sa samahan at tagapaghubog sa pagkakatiwalaan niyang mamumuno sa samahan. Sa huli, malinaw na sa succession plan ng grupo, ang bunsong anak niya ang maaring pumalit sa kaniya. Gayunpaman, sa tipolohiya ni Max Weber, hindi maipapasa ang karisma na mayroon si Bro. Mike bagkus, ang inaasahan sa susunod na pinuno ay paunlarin ang kasalukuyang teolohiya ng grupo upang mapanatili ang mga tagasunod nito.

Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa natatanging pamumuno ni Bro. Mike Velarde sa loob ng apat na dekada, gamit ang teoryang Charismatic Leadership ni Max Weber at ang konsepto ng Bagani Leadership ni Zeus Salazar. Sa bawat dekada ng kanyang pamumuno, nakita ang ebolusyon ng kanyang pamamahala—mula sa kanyang personal na karisma na nagbigay ng inspirasyon sa milyon-milyong tagasunod, hanggang sa pagpapatag at pagpapaunlad ng kanyang pamumuno, maging ang paghahanda sa mga susunod na henerasyon.

Ang tipolohiya ni Weber ay makikita sa paraan ng paggamit ni Bro. Mike ng kanyang karismatikong impluwensiya upang buuin at palaguin ang El Shaddai. Sa paglipas ng panahon, ang kanyang karisma ay unti-unting naisalin sa pormal na sistema ng organisasyon na nagbigay-daan sa mas matatag na pamumuno at pangangasiwa sa samahan.

Sa kabilang banda, ang konsepto ni Salazar ng pamamahalang bagani ay naglalarawan kay Bro. Mike bilang isang tagapagtanggol ng pananampalataya at komunidad. Ang kanyang pamana bilang isang espiritwal at kultural na lider ay nagpapatuloy lalo na sa pamamagitan ng kanyang mga anak at mga susunod na lider ng El Shaddai.

Sa pangkalahatang diwa, ang pamumuno ni Bro. Mike ay isang natatanging halimbawa ng pagtawid mula karismatiko patungo sa tradisyonal na pamumuno, na nagsisiguro ng pagpapatuloy ng kanyang impluwensiya sa komunidad ng El Shaddai. Ang kanyang pamana ay hindi lamang makikita sa kanyang mga aral at proyekto pati na rin sa mga sistemang itinatag niya upang matiyak ang maayos na transisyon ng pamumuno sa hinaharap. Ang mga prinsipyo ng karismatiko at baganing pamumuno ay kapwa nagsilbing matibay na pundasyon sa kanyang pamumuno at nagpapatuloy kahit sa pagtahak sa yugto ng transisyon.

Bilang mananaliksik, narito ang ilang mungkahing magpapalakas at magpapalawak pa sa samahang El Shaddai upang higit itong makapag-ambag sa malawakang Ebanghelisasyon, na siya ring adbokasiya ng Simbahang Katolika. Ang mga mungkahing ito ay hindi panghihimasok, kung 'di layuning makatulong sa pagpapalano para sa patuloy na tagumpay ng samahan. Una, iminumungkahing isaalang-alang ang sumusunod na tanong sa pagpapalano para sa pagpili sa susunod na lider: 1.) Ano ang ibang plano kapag hindi tinanggap ang posisyon bilang punong-lingkod ng samahang El Shaddai? 2.) Ano-ano ang kahingian (pre-requisite) ng susunod na punong-lingkod? Pangalawa, iminumungkahi rin ang muling pagsipat sa *Omnibus Code*, partikular ang mga pamantayang nabanggit sa pipiliing lider: "*spirit-filled covenant members, seniority, faithfulness, at loyalty*." Masyado itong malawakkaya't nararapat lamang nalinawin at lagyan ng detalyadong parametro upang maging malinaw sa mga miyembro ang aspektong legal ng pagpili ng lider. Pangatlo, iminumungkahi rin ang muling pagninilay sa paggamit ng salitang "*Movement*" bilang pantukoy sa El Shaddai. Para sa mga nasa loob, maaaring ito'y kilusan ng pananampalataya, ngunit sa labas, maaari itong magdulot ng maling kahulugan, gaya ng rebelyon o radikalismo. Maaaring ikonsidera ang mga salitang "*samahan*" o "*pamayanan*" upang masalamin ang pagkakaisa ng El Shaddai sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos sa buong mundo. Ang wika ay mahalagang aspekto ng pagkakakilanlan ng samahan; ang tamang paggamit nito ay makatutulong sa mas malinaw na pagkilala ng misyon ng El Shaddai.

Sa pagpapalawak pa ng diskursong El Shaddai at ng iba't ibang pamamahala ng mga relihiyosong lider sa konteksto ng Pilipinas, inirerekomendang pag-aralan kung papaanong nagiging institusyonal ang karisma sa mga relihiyosong kilusan sa Pilipinas. Makatutulong ding paghambingin ang karismatikong pamamahala ni Bro. Mike sa iba pang mga kilalang lider ng karismatik mula sa ibang bansa para makita ang unibersal na katangian ng pamumunong karismatiko at kung papaano nito naiimpluwensiyahan ang pag-anib hanggang sa pagpapanatili ng mga miyembro. Mainam ding magkaroon ng isa pang pananaliksik na tutugon naman sa mga hamon at oportunidad sa pamamahala ng isang organisasyon sa panahon ng transisyon ng pamumuno. Posible ring mabigyang tuon sa mga susunod pang pag-aaral kung papaanong naimpluwensiyahan ng karismatikong pamumuno ni Bro. Mike ang teolohikal na pananaw ng mga miyembro at kung papaano ito aangkop sa kahaharaping pagbabago sa pamumuno. Mababalikan din ang papel na ito sa oras na nagkaroon na ng pormal na anunsiyo si Bro. Mike sa posibleng susunod sa kaniyang yapak partikular na ang bahagi ng succession plan ng grupo. Mainam na suriin ang mga pagbabagong ito para makapag-ambag sa ikatatag ng samahan. Makatutulong ding magbukas ng diskurso ukol sa tradisyunal na pamamahala gamit ang tipolohiya ni Zeus Salazar upang masuri ang Sistema ng pamamahala ng iba't ibang relihiyosong sekta sa Pilipinas. Sa huli, maaaring magamit ang panimulang pag-aaral na ito sa mas malawak pang pag-aaral ukol sa pamamahala sa mga relihiyosong kilusan.

Etikang Pahayag

Sumunod ang panaliksik na ito sa mga etikal na pamantayang itinakda ng National Research Council of the Philippines (NRCP).

Deklarasyon ng Salungat na Interes

Ang mananaliksik ay nagsasaad na walang salungat na interes ang maaaring nakaimpluwensiya sa layunin ng isinagawang pananaliksik at/o paglimbag ng artikulong ito.

Pagkilala

Taos-pusong pasasalamat ang ipinaabot ng mananaliksik sa mga sumusunod: kay Bro. Mike Z. Velarde; sa samahang El Shaddai sa kanilang aktibong pakikilahok sa pag-aaral na ito; kay Dr. Feorillo Demeterio III sa paggabay sapol pa noong ipinaglilihi ang konsepto ng papel; kay Bb. Wilma M. Cruz sa kanyang mungkahi para mas maging maayos ang balangkas ng papel na ito; kay Dr. Francisco Garcia III sa pag-i-edit ng manuskrito at kay Dr. Jorge P. Cuibillas sa kanyang matinik na pagtatasa sa kabuoan ng papel.




Figura 8. Ang Samahang El Shaddai sa Nakalipas na Apat na Dekada.
*May pahintulot na gamitin ang apat na larawan mula sa pamunuan ng El Shaddai.
Ang huling larawan ay kuha ng mananaliksik noong Agosto 2024*



Figura 9. Mga Piling Larawan ni Bro. Mike Velarde.
Pag-aari nina Bro. Carlos Joseph De Leon at Bro. Anacleto "Boyett" Balisbis.
May pahintulot na gamitin mula sa may-ari.

Mga Sanggunian

- Antonakis, J. and Atwater, L. (2002). Leader distance: a review and a proposed theory, *The Leadership Quarterly*, Vol. 13. [http://dx.doi.org/10.1016/S1048-9843\(02\)00155-8](http://dx.doi.org/10.1016/S1048-9843(02)00155-8)
- Bass, B. M. (1985). *Leadership performance beyond expectations*. Academic Press, New York, NY. <https://doi.org/10.1002/hrm.3930250310>
- Best, J. W., & Khan, J.V. (1992). *Research in Education*. Boston.
- Blau, P. M. (1963). Critical remarks on Weber's theory of authority. *The American Political Science Review*, 57 (2): 305-316.
- Bolaños, P.A. (2010). Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas. https://www.academia.edu/download/52728288/bolanos_june2010.pdf
- Braun, V., & Clarke, V. (2013). *Successful qualitative research: A practical guide for beginners*. Sage.
- Bryman, A. (1993). Charismatic leadership in business organizations: Some neglected issues, *The Leadership Quarterly*, Vol. 4, 289-304. [https://doi.org/10.1016/1048-9843\(93\)90036-S](https://doi.org/10.1016/1048-9843(93)90036-S)
- Cabbuag, S. I. (2016). Charisma and Charismatic Leaders: Weber and Beyond. *Philippine Sociological Review*, 64(1), 209–230. <http://www.jstor.org/stable/44211756>.
- Choi, J. (2006). A motivational theory of charismatic leadership: Envisioning, empathy, and empowerment, *Journal of Leadership and Organizational Studies*, Vol. 13, 24-43. <https://doi.org/10.1177/10717919070130010501>
- Chua, M. C. B. (2014). Pantayong Pananaw O Pantasyang Pananaw Lamang?: Kamalayan Sa Mga Konsepto/ Dalumat Ng Bayan, Mga Tinig Mula Sa Ibaba1. *Saliksik E-Journal*, 3(1), 1-1. <https://www.academia.edu/download/34447837/06-Artikulo-Chua1.pdf>
- Conger, J. A. and Kanungo, R. N. (1987). Toward a Behavioral Theory of Charismatic Leadership in Organizational Settings, *Academy of Management Review*, Vol. 12, 637-647. <https://doi.org/10.2307/258069>
- Courpasson, D., Golsorkhi, D. & Sallaz, J. J. (Eds.). (2012). *Rethinking power in organizations, institutions, and markets I* (Vol. 34), Emerald Group Publishing Limited, Bingley, UK. [http://dx.doi.org/10.1108/S0733-558X\(2012\)0000034003](http://dx.doi.org/10.1108/S0733-558X(2012)0000034003)
- DeGroot, T., Kiker, D. S. & Cross, T. C. (2000), A Meta-analysis to review organizational outcomes related to charismatic leadership, *Canadian Journal of Administrative Sciences* Vol. 17, 356-371. <https://doi.org/10.1177/1059601111401017>
- Delta Broadcasting System. (2019, March 16). Saturday family appointment with El Shaddai [Recorded video]
- Demeterio III, F. (2009). Dreaming with a Hammer: On Critical Theory in the Philippines (A Philosophical Fiction. *Kritike*, 3(1), 185-206. <http://dx.doi.org/10.25138/3.1.db.2>
- Demeterio III, F. (2010). Mga Anyo at Antas ng Pag-asa na Nakapaloob sa mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai. *MALAY*, 22(2), 1–1. <https://ejournals.ph/article.php?id=7966>
- Demeterio III, F. (2010). Ang Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas. *Kritike*, 4(1), 28-49. https://www.kritike.org/journal/issue_7/demeterio_june2010.pdf
- Domingo, M. O. Z. (2004). Indigenous Leadership and Governance. *Philippine Journal of Public Administration*. <https://www.richtmann.org/journal/index.php/ajis/article/download/13718/13276/47240>
- Eisenstadt, S. N. (1968). *Max Weber: On charisma and institution building*, University of Chicago Press, Chicago, IL.
- El Shaddai Bagong Liwanag Magazine*, 1(1990).
- El Shaddai Bagong Liwanag Magazine*, 1(1992), 8.
- El Shaddai Bagong Liwanag Magazine*, 1(1994), 10–15.
- Garming, M. B. (1981). The Dynamics of Leadership in Kalinga. *Agham-Tao*, 4(2). https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Aghamtao/1981/07_The%20Dynamics%20of%20Leadership%20in%20Kalinga.pdf
- Hannan, M. T. ,Freeman, J. (1984). Structural inertia and organizational change, *American Sociological Review*, Vol. 49, 149-164. <http://dx.doi.org/10.2307/2095567>
- Houghton, J. D. (2010). Does Max Weber's notion of authority still hold in the twenty-first century?, *Journal of Management History*, Vol. 16, 449-453. <https://doi.org/10.1108/17511341011073933>
- Howell, J. M. & Shamir, B. (2005). The role of followers in the charismatic leadership process: Relationships and their consequences, *Academy of Management Review*, Vol. 30, 96-112. <http://dx.doi.org/10.5465/AMR.2005.15281435>
- Jamon, G. (1999). The El Shaddai Prayer Movement: Political Socialization in a Religious Context. *Philippine Political Science Journal*, 20(43), 83–126. <https://doi.org/10.1080/01154451.1999.9754206>
- Jermier, J. M. (1998). Introduction: Critical Perspectives on

- Organizational Control. *Administrative Science Quarterly*, 43(2), 235-256. <http://dx.doi.org/10.2307/2393852>
- Katz, D. & Kahn, R. L. (1978). *The social psychology of organizations*, Wiley, New York, NY. Print.
- Klein, K. J. and House, R. J. (1995). On fire: Charismatic leadership and levels of analysis, *The Leadership Quarterly*, Vol. 6, 183-198. [https://doi.org/10.1016/1048-9843\(95\)90034-9](https://doi.org/10.1016/1048-9843(95)90034-9)
- Lowe, K. B., Kroeck, K. G. and Sivasubramaniam, N. (1996). Effectiveness correlates of transformational and transactional leadership: A meta-analytic review of the mlq literature, *The Leadership Quarterly*, Vol. 7, 385-425. [http://dx.doi.org/10.1016/S1048-9843\(96\)90027-2](http://dx.doi.org/10.1016/S1048-9843(96)90027-2)
- Mercado, L. N. (2001). El Shaddai: A study of a Filipino charismatic movement. *Divine Word Publications*.
- Mintzberg, H., Lampel, J. & Ahlstrand, B. (2005). *Strategy Safari: A Guided Tour Through The Wilds of Strategic Management*, Free Press, New York, NY.
- Pedregosa, L. (2020). A popular-theological anthropology of bayani: Liminal unity of overseas Filipino workers in their expression of love as sacrifice. *MST Review*, 21(2), 21-55. <https://lirias.kuleuven.be/retrieve/564980>
- Riesebrodt, M. (1999). Charisma in Max Weber's sociology of religion. *Religion*, 29: 1-14. <https://doi.org/10.1006/reli.1999.0175>
- Salazar, Z. (1996). *Heroe at Bayani: Dalawang Magkasalungat na Sikolohiya*. Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Bahay Kalinaw, U.P.Diliman
- Salazar, Z. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan Bagong Balangkas*. Bagong Kasaysayan.
- Santos, M. J. (2020). Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalum ng Katarungang Panlipunan/Katuwirang Bayan. *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 3 (1):58-79. <https://philpapers.org/archive/SANGHH.pdf>
- Segundo, M. G. (2023). Organizational Change-Inspirational Leadership: A Case Study in the Effective Leadership of Philippine President Corazon Aquino. *Regent Research Roundtables*, 50-59. <https://cdn.regent.edu/wp-content/uploads/2023/01/Regent-Research-Roundtables-2023-Followership-Segundo.pdf>
- Suchman, M. C. (1995). Managing legitimacy: Strategic and institutional approaches, *Academy of Management Review*, Vol. 20, 571-610. <https://doi.org/10.2307/258788>
- Tolentino, R.P. (2020). Roadmap Towards Organizational Goal of Bulacan Agricultural State College, Philippines: Narratology on Administrative Thought of an Institution Leader. *CenRaPS Journal of Social Sciences*, 2 (1), 14-25. <https://doi.org/10.46291/cenraps.v2i1.7>
- Tucker, R. C. (1968). The Theory of Charismatic Leadership. *Daedalus*, 97(3), 731-756. <http://www.jstor.org/stable/20023840>
- Turner, M. (1990). Authoritarian rule and the dilemma of legitimacy: The case of President Marcos of the Philippines. *The Pacific Review*, Volume 3, Issue 4, 349-362. <https://doi.org/10.1080/09512749008718886>
- Valderrama, U. C. (1987). *The Colourful Mandaya: Ethnic Tribe of Davao Oriental*. Davao City: Tesoro's Printing Press.
- Velarde M. (1992). *Ang Mahiwagang Pagdating ni El Shaddai*. Bagong Liwanag Magazine, El Shaddai-DWXI Prayer Partners Fellowship Int'l. Inc.
- Velarde M. (1997). *Bakit, Bro. Mike?*. El Shaddai DWXI-Prayer Partners Fellowship International, Inc.
- Velarde M. (1997). *Mga Butil ng Gintong Aral ni El Shaddai*. El Shaddai-DWXI Prayer Partners Fellowship Int'l. Inc.
- Velarde M. (2007). *General Pastoral Guidelines and Omnibus Administrative Code for Service Volunteer Workers*. El Shaddai DWXI-PPFI.
- Velarde M. (2009). *With El Shaddai Miracles Are Forever*. El Shaddai-DWXI Prayer Partners Fellowship Int'l. Inc.
- Waldman, D. A., Javidan, M. and Varella, P. (2004). Charismatic leadership at the strategic level: A new application of upper echelons theory, *The Leadership Quarterly*, Vol. 15, 355-380. <https://doi.org/10.1016/j.leaqua.2004.02.013>
- Weber, M. (1958). The three types of legitimate rule. *Berkeley Publications in Society and Institutions*, 4 (1): 1-11. Translated by Hans Gerth.
- Weber. M. (1978). *Economy and Society*, University of California Press, Berkeley, CA.
- Wiegele, K. (2007). *Seeking El Shaddai. In Investing in Miracles: El Shaddai and the Transformation of Popular Catholicism in the Philippines*. Unibersidad ng Ateneo de Manila.
- Yagil, D. (1998). Charismatic leadership and organizational hierarchy: Attribution of charisma to close and distant leaders, *The Leadership Quarterly*, Vol. 9, 161-176. [https://doi.org/10.1016/S1048-9843\(98\)90003-0](https://doi.org/10.1016/S1048-9843(98)90003-0)